

Laro Gio, Laro!

Isang araw na napakalas
ng hangin, abala si Gio sa
kanyang bagong laro sa ba-
kuran. Ano ang kahahan-
tungan ng paglalaro niyang
ito?

Kwento ni: WINNIE MAGAOAY FERMIN
Guhit ni: ROBERTO V. DULDULAO, JR.

Laro Gio, Laro!



Competencies

MT3VCD-III-h-3.6-Identifies and uses personification, hyperbole and Idiomatic expressions in sentences

MT3G-Iva-2.4.2-Identifies and uses adjectives appropriate for the grade level

AP3LAR-Ii-13.1-Nasusuri ang matalino at di-matalinong pangangasiwa ng mga likas na yaman

S3LT-IIe-f-10-Describe ways of caring and proper handling of plants.

ESP3PD-Ive-i-9

MAY AKDA



Si Winnie Magaoay Fermin ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa University of La Salette Santiago City at Master of Arts in Education sa Quirino State College. Siya ay nagtuturo sa pampublikong Paaralan ng Patul Elementary School.

ILUSTRADOR



Si Roberto V. Duldulao, Jr. ay guro ng Paaralang Pam-publiko ng Patul Ele-mentary School. Siya ay manunulat, pintor at dibuhista ng Rehiyon 2.




Abala sa paglalaro sa bakuran si Gio. “Gio!” pasigaw na tawag ni nanay. “Halika na dito at mataas na ang araw”. “Mamaya na lang po nanay, ang sarap pa pong maglaro”, sagot niya. “Tingnan nyo po kinikindatan pa po ako ng araw,” pabiro niyang wika. “Hay nakung bata ka, lagi ka na lang ganyan,” sambit ng ina. “Tingnan mo halos nasunog na ang balat mo sa tindi ng init ng araw”, dagdag nito. “Aayos lang po nanay, masaya naman po akong naglalaro,” sagot ni Gio.

Kapag walang pasok sadyang kinahihiligan na ni Gio ang pumunta sa likod bahay upang maglaro. “Ang gaganda talaga ng mga bulaklak dito sa bakuran,” pabulong niyang wika habang pinagmamasdan ang mga ito. “Pula, dilaw, lilak at puti,” tuwang-tuwa siyang pinipitas ang mga ito. “May anim na bulaklak na pala akong nakuha, dadagdagan ko pa ng apat upang maging sampu.” Palakad-lakad siya dito at nang mapagod bahagyang umupo sa ilalim ng paborito niyang malaking punong bayabas.



Maya-maya pa’y pumasok na ito ng bahay dala-dala ang mga bulaklak na napitas niya. “Nanay,nanay” tawag niya. “Tingnan nyo po ang mga napitas kong bulaklak, ang gaganda. Ikinuha kita upang ilagay nyo po sa mesa natin.” “Naku anak, ang gaganda nga, ngunit mas maganda ring hinayaan mo na lang silang nasa bakuran,” sambit ng ina.





Sabado, habang nasa bakuran si Gio, napansin niyang marami ng bunga ang punong bayabas. “Wow! Hinog na ang mga bayabas,” natatakam na wika niya. Dali-dali siyang umakyat dito upang kumuha ng bunga. Nakita siya ng kanyang ina. “Gio, bumaba ka nga diyan at baka mahulog ka”, paalala nito. “Naku nay, sanay na po akong umakyat ng puno. Tingnan niyo po kapit-tuko ako dito,” pagmamalaking wika niya habang abala sa pagkain ng bayabas sa taas ng puno. “Ikaw talagang bata ka,” iiling-iling na wika ng ina. “Pumasok ka na para makapaligo ka na.”

Isang hapon, habang malakas ang ihip ng hangin, muli na namang naglaro sa bakuran si Gio. Ngunit sa pagkakataong ito, may kakaiba siyang ginawa. Hawak ang dalawang patpat iwinasiwas niya ang mga ito sa mga halaman. Hindi niya alintana kung nasisira na ang mga ito. Pati mga bulaklak ay naglalaglagan na rin. Basta tuwang-tuwa siya sa kanyang ginagawang paglalaro. Nahinto lamang ito ng tawagin siya ng kanyang ina. "Gio, sobrang lakas na ng hangin, halika na dito sa loob."



“Opo,” sagot nito sabay hagsis ng mga patpat at patakpong bumalik ng bahay. Kinabukasan, makikitang sira-sira na ang mga halaman sa bakuran. Buong akala ng nanay, nasira ng hangin kahapon ang mga ito. “Naku, sayang naman ang mga halaman namin,” malungkot na wika niya. Ngunit habang tumatagal na pinagmamasdan niya, “parang sinadya namang sinira ang mga ito,” wika niya. Naisip niya si Gio na nakakitaan niya ng mga patpat kahapon.



“Gio, tawag niya” “Bakit po inay?”, sagot ni Gio na papalapit sa kanya. “Ano ang ginawa mo sa mga halaman natin dito sa bakuran?” tanong ng ina. “Nakipaglaro po ako sa kanila kahapon,” sagot niya. “Anak, hindi magandang laro ito, huwag mo ng uulitin dahil nasaktan ang mga halaman at nasira,” may diin na payo ng ina. “Opo, hindi ko na po uulitin”, magalang na sagot niya.





Ngunit sadyang pasaway si Gio, isang umaga, muli na naman siyang naglaro sa bakuran. Sa pagkakataong ito, ang mga bunga naman ng paborito niyang bayabas ang kanyang pinaglaruan. Pinagbabato niya ang mga ito. “Ha.ha, ang galing ko talaga! Naka pitong bunga na akong natira. Ayun malalaki!” tuwang-tuwang wika ni Gio habang naghahagis ng bato. Nagkalat ang mga bunga sa baba ngunit nasayang lang dahil iniwan lang doon ni Gio. Dati rati naman ay gustong-gusto niya ang mga ito.



Sa pagdaan ng mga araw, kung ano ano pang mga mapanirang gawain ang nagawa ni Gio sa mga halaman sa bakuran. Pinagbubunot niya ang ilang mga halamang bagong sibol pa lamang. Pinuputol niya ang ilang mga malalambot na sanga gamit lamang ang kanyang mga kamay. Tinatapak- tapakan niya ang ilang mga dahon at pinagpipitas niya ang mga bulaklak kahit pausbong pa lamang.

Ikinalungkot ng kanyang ina ang mga pangyayari sa bakuran. Kinausap niya si Gio. “Anak, nagiging mapanira ka na sa mga halaman sa bakuran,” paalala nito sa kanya habang sila ay nanonood ng balita sa telebisyon. “Tigilan mo na anak ang mga ginagawa mong hindi maganda sa mga halaman natin. Hindi ka ba nababahala dito?” Ngunit, tila walang naririnig si Gio. Parang balewala lamang ito sa kanya “Si nanay naman, ang daming halaman sa bakuran natin, tinatanggal ko lang yung mga hindi maganda,” ngingiti- ngingit wika niya.





Isang umaga, naglaro na naman sa likod bahay si Gio. “Bakit parang ang lungkot ng mga halaman ngayon,” pansin niya. “*Hello*, andito na naman ako si Gio, ang inyong kalaro,” wika niya. Ngunit sa pakiramdam niya hindi siya masaya. “Wala na rin ang mga insektong nagliliparan, ang mga paru-paro at mga bubuyog. Pati na ang mga ibong nag-aawitan. Wala na kasi halos pala ang mga bulaklak at sira-sira na ang mga nakatanim.” Napatingala siya at nakita niya ang taas ng puno ng bayabas. “Wala na ring bunga ito,” wika niya.



Naalala niya ang mga masasayang araw ng pangungulimbitin niya sa paborito niyang puno ng bayabas habang kumain ng masarap at matamis na bunga nito. "Sayang, wala na akong makukuhang bunga, pati mga dahon niya hindi na malilim," pati ang mga makukulay na bulaklak at mga tila nagsasayawang mga dahon, nauubos na," nanlulumong wika niya.

Napasalampak siya sa isang damuhan, napagtanto niya ang kanyang mga ginawa noong mga nakaraang araw. “Kung hindi sana ako naging mapanira sa mga halaman sa bakuran, hindi sana ganito ang magiging itsura nila. Halos wala na akong marinig na mga ibon at makitang mga lumilipad na paru paro na nakikipagsabayan ring maglaro sa akin,” naghihinayang na wika niya.



Nang biglang napaisip siya at biglang napalakas ang boses niyang sinambit “Aha! Hindi pa huli ang lahat!” namimilog ang matang wika niya. Tumayo siya sa kanyang kinauupuan. “Magpapatulong ako kay nanay upang muling bumalik ang ganda ng aming bakuran!” patakpong wika niya sa sarili pauwi ng bahay. “Nanay,nanay!” pahiyaw na wika niya. “Bakit anak?”patakpong lapit sa kanya ng kanyang ina na iniwan muna saglit ang nilalabhan.



“Alam nyo po, naiiyak ako sa sobrang lungkot,” wika niya habang unti-unting namumuo ang luha sa kanyang mga mata. “Nagsisisi na po ako sa hindi magandang paglalaro na ginawa ko sa ating bakuran.” Ngayon, hindi na po ito magandang tingnan. Wala na ang sigla at saya ng mga halaman. Wala na ring mga insekto at ibon akong nakikita.” “Hu,hu,hu..kasalanan ko po inay, naging mapanira ako at pabaya,” umiiyak na wika ni Gio.




“Salamat naman anak,” sambit ng kanyang ina. “Namulat ka na rin sa katotohanan na hindi maganda ang ginawa mong paraan ng paglalaro. Lagi mo sanang tatandaan anak na kaibigan natin ang mga puno’t halaman. Natutulungan nila tayo kaya dapat pahalagahan natin sila,” dagdag na wika ng ina sabay yakap sa anak.



“Nanay, may hihilingin po sana ako sa inyo,” palambing na wika ni Gio. “Ano iyon anak?” tanong ng ina. “Maari niyo po ba akong tulungang mapagandang muli ang ating bakuran para sa pagdating ni tatay mula sa Saudi ay makita niyang maganda na ito, at upang makapaglaro ulit ako dito nang maayos.” “Sige anak,” masayang wika ng nanay. “Magandang ideya iyan,” sambit niyang nakangiti.



Sa kanilang pagtutulungan, unti-unting nanumbalik ang ganda at sigla ng mga halaman sa kanilang bakuran. Araw-araw tumutulong si Gio sa pagdidilig ng mga ito. Kung wala namang pasok tumutulong din siya sa paglilinis dito. Masayang-masaya ang kanyang nanay sa pagbabagong nakita niya kay Gio. "Nanay, kapag nag video call na naman si Tatay, ibabalita ko po ito sa kanya, pahiramin niyo po ako ng *cellphone* ha," sambit niya habang abala sa paglilinis. "Oo naman anak," sagot ng ina.



Muli na namang may nagliliparang mga ibon at mga paru-paro. Tila nagsasayawan na muli ang mga halaman. Masayang-masaya at masiglang-masiglang pagmasdan ang tanawin. Tuwang-tuwa si Gio. Napabulong siya sa sarili "aalagaan ko na kayong mabuti at maglalaro uli ako kasama nyo ngunit pangako, hinding-hindi ko na kayo sisirain," sambit niya habang masiglang pinagmmasdan ang bakuran.

